



**U.S. Department of Justice**  
Civil Rights Division



**U.S. Department of Education**  
Office for Civil Rights

Disyembre 21, 2018

Mahal Naming Kasamahan:

Ang layunin ng liham na ito ay ipaalam sa inyo na binabawi ng Kagawaran ng Katarungan at ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga pahayag ng patakaran at gabay na nakasulat sa mga sumusunod na dokumento:

- Liham sa Mahal na Kasamahan ukol sa Walang Diskriminasyong Administrasyon ng Disiplina sa Paaralan petsa Enero 8, 2014; at
- Buod ng Suporta sa Inisyatibo sa Sumusuportang Pagdidisiplina sa Paaralan petsa Enero 8, 2014.

Bilang karagdagan, binabawi ng Kagawaran ng Edukasyon ang mga sumusunod na kaugnay na dokumento:

- Mga Gabay na Prinsipyo: Gabay na Sanggunian para sa Pagpapaunlad ng Kapaligiran at Disiplina sa Paaralan, petsa Enero 8, 2014;
- Apendiks 1: Direktoryo ng mga Sanggunian ng Pagpapaunlad ng Kapaligiran at Disiplina ng Pederal na Paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education Directory of Federal School Climate and Discipline Resources,) petsa Enero 8, 2014;
- Apendiks 2: Compendium ng mga Batas at Regulasyon sa Pagdidisiplina sa Paaralan para sa 50 Estado (Compendium of School Discipline Laws and Regulations for the 50 States,) Washington D.C., at Puerto Rico, petsa Enero 8, 2014; at
- Pakete ng Malimit na Katanungan (FAQ) sa Gabay sa Pagdidisiplina sa Paaralan (School Discipline Guidance Package FAQs), petsa Enero 8, 2014.

Tinalakay sa Liham sa Minamahal na Kasamahan tungkol sa Walang Diskriminasyong Administrasyon ng Disiplina (“Gabay”) ang legal na panuntunan na ginagamit ng mga Kagawaran upang pag-aralan ang mga reklamong diskriminasyon sa ilalim ng Titulo IV ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 (Titulo IV), 42 U.S.C. §§ 2000c et seq., at Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964 (Titulo VI), 42 U.S.C. §§ 2000d et seq., at mga regulasyon nito sa pagpapatupad, 34 C.F.R. Bahagi 100. Binibigyan ng Titulo IV ng awtorisasyon ang Attorney General sa ilang mga sitwasyon na magpanukala ng kaso

laban sa mga lupon ng pampublikong paaralan, mga kolehiyo, at mga unibersidad oras na

[OCR-000113-TL]

makatanggap ng reklamong diskriminasyon. Ipinagbabawal ng Titulo VI ang diskriminasyon ayon sa lahi, kulay o bansang pinagmulan sa mga tumatanggap ng Pederal na pinansyal na tulong. Ang Gabay ay naglahad at nagsuri, ayon sa Titulo IV at VI, ng ilang totoong pangyayari na kinapapalooban ng aplikasyon ng pagdidisiplina sa paaralan, at nagpahayag ng mga kongklusyon na maaaring mabuo ng mga Kagawaran sa bawat pangyayari .

Noong Marso 12, 2018, inanunsyo ni Presidente Trump ang pagbubuo ng isang Pederal na Komisyon para sa Kaligtasan sa Paaralan (Federal Commission on School Safety.) Inutusan ni Presidente Trump ang Komisyon na pag-aralan at gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa maraming usapin, kabilang ang kung dapat bang kanselahin ang Gabay at mga kaugnay na dokumento. Noong Disyembre 18, 2018, inirekomenda ng Komisyon na kanselahin ng mga Kagawaran ang Gabay at mga kaugnay na dokumento.

Ang mga estado at mga lokal na distrito ng paaralan ay gumaganap ng pangunahing papel sa pagtatakda ng patakaran na pang-edukasyon, kabilang ang kung paano haharapin ang mga tiyak na pangyayari ng maling asal ng mga mag-aaral at pagdidisiplina, at sa pagtiyak na ang mga guro ng silid-aralan ay may suportang kailangan nila upang maipatupad ang mga naangkop na patakaran sa pagdidisiplina. Ang mga estado at mga lokal na distrito ng paaralan ay dapat ring sumunod sa mga proteksyon laban sa diskriminasyon na nakapaloob sa pederal na batas, kasama ang Titulo VI. Napag-pasyahan ng mga Kagawaran na nagsusulong ang Gabay at mga kaugnay na dokumento ng mga piniling patakaran at mga posisyon na hindi kinakailangan o isinasaalang-alang sa Titulo IV o Titulo VI.

Sang-ayon dito, nagpasiya ang Kagawaran ng Katarungan at ang Kagawaran ng Edukasyon na bawiin at kanselahin ang Gabay at mga kaugnay na dokumento. Ang mga Kagawaran ay matatag na nakatuon sa mahigpit na pagpapatupad ng proteksyon ng karapatang pantao sa ngalan ng lahat ng mga mag-aaral. Ang matatag na proteksyon laban sa diskriminasyon ayon sa lahi, kulay at bansang pinagmulan na ginagarantiyahan ng Konstitusyon, ng Titulo IV, at Titulo VI ay nanatiling walang pagbabago, at patuloy na magiging mahalaga sa mga institusyon na pang-edukasyon sa Estados Unidos.

Ang liham na ito ay walang idinadagdag sa mga kinakailangan sa naaangkop na batas at hindi naglalayon na, at hindi lumilikha ng anumang mga karapatan, lantay o bunga ng pamamaraan, na isasakatuparan sa pamamagitan ng batas ng sinumang partido sa anumang usaping sibil o kriminal. Kung mayroon kayong mga tanong o interesado sa pagpuna sa liham na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon sa [ocr@ed.gov](mailto:ocr@ed.gov) o 800-421-3481 (TDD: 800-877-8339); o sa Kagawaran ng Katarungan sa [education@usdoj.gov](mailto:education@usdoj.gov) o 877-292-3804 (TTY: 800-514-0383).

Sumasainyo,

/s/  
Kenneth L. Marcus  
Assistant na Sekretarya para sa mga  
Karapatang Sibil  
U.S. Kagawaran ng Edukasyon

/s/  
Eric S. Dreiband  
Assistant na Attorney General  
U.S. Kagawaran ng Katarungan